Mga kuwentong pambata mula sa Perez, Quezon

0 1 2 3 4 5 6 7 8 9

Nawawala na naman si Mikay!

Aspiring Citizens for Community Empowerment, Inc. (ACCEI)

Book 2 Single.indd 1 06/10/2020 11:32:45 am

Pambungad na mensahe

Ang aklat na ito ay bunga ng programa ng Children's Educational and Developmental Assistance (CEDA) na inilunsad sa Perez, Quezon. Nakabatay ang akdang ito sa mga pili at pinaghabi-habing kuwentong kinatha ng mga batang benepisyado ng programa. Layunin nitong itampok at itaguyod ang kamalayan ng kabataan sa Perez hinggil sa usapin ng **mga karapatang pambata**.

Sa pamamagitan ng iba't ibang gawain sa tutorial sessions—gaya ng pagguhit, pagsulat, at pagbabahagi ng kanilang kuwento sa mga kapuwa mag-aaral—naging tulay ang proyektong ito upang himukin ang mga bata na maging aktibo sa pagpapahayag ng kanilang mga naiisip, nararamdaman, natututuhan, at nararanasan sa loob at labas ng bahay, paaralan, at maging sa kanilang mga komunidad, kaugnay ng batayang karapatang pambata. Sa proseso ay nakalikha sila ng kani-kanilang akda batay sa makukulay nilang obserbasyon, mula na rin sa sari-saring suliranin at personal na karanasang naglalarawan sa kanilang pagkabata.

Tunghayan natin ang ilan sa mga piling kuwento ng mahuhusay na bata mula sa Perez.

Nawawala na naman si Mikay!

Karapatang-ari © 2020 ng Aspiring Citizens for Community Empowerment, Inc. (ACCEI)

Reserbado ang lahat ng karapatan. Hindi maaaring kopyahin o gamitin ang anumang bahagi ng akdang ito, guhit man o teksto, sa anumang paraan, kahit na mimeograph o photocopy, nang walang nakasulat na pahintulot mula sa tagapaglathala.

Inilathala at ipinamamahagi ng
ASPIRING CITIZENS FOR COMMUNITY EMPOWERMENT, INC. (ACCEI)
4/F Tempus Place II, Makatarungan Road,
Central 4, Quezon City
1100 Philippines
Telepono: (+632) 3434-79-03
accessphils@yahoo.com

Pagsasalaysay at pagpapatnugot ni Sharmaine Hernandez
Ilustrasyon at layout ni Aaron Moises Bonete

ISBN 978-621-96314-1-9

Inilimbag sa Filipinas

Nawawala na naman si Mikay!

Aspiring Citizens for Community Empowerment, Inc. (ACCEI),
sa pakikipagtulungan sa **RENGO**

Book 2 Single.indd 3 06/10/2020 11:32:50 am

1

Isang mahiwagang tanghali,
bigla na namang nawala si Mikay.



Bagong lipat pa lang si Mikay sa aming paaralan. Ang sabi ng guro, kaibiganin namin siya dahil kakaunti pa lang ang kakilala niya sa aming lugar.

Kaya nang paupuin siya ng guro sa katabi kong silya, agad akong ngumiti at nagpakilala sa bagong kaklase. Pero agad-agad din siyang umiwas sa aking tingin. Sa tuwing kakausapin ko siya, lagi na lang siyang yumuyuko o tumitingin sa malayo.

Tuwing oras ng klase, abala si Mikay sa pagsusulat. Para bang hinahabol ng mga aso ang kaniyang kamay sa sobrang bilis nito. Anuman ang sabihin o isulat ng guro, agad niya itong kinokopya sa isang asul na notebook.

Ngunit bakit kaya ang laki-laki ng notebook niyang ito? Nasa unang markahan pa lang kami, pero halos mapuno na niya ng sulat ang mga pahina nito.

Palagi naman siyang nakapikit kapag recess. Gusto ko sana siyang aluking makipagpalitan ng baon, pero hindi ko pa rin siya nakikitang kumain sa loob ng klasrum hanggang ngayon.

Mahigpit lang lagi ang pagkakapikit ng kaniyang mga mata, at parang mahihinang alon ang kaniyang hininga.

0 1 2 3 4 5 6 7 8 9

Oras ng pananghalian nang una kong mapansing nawawala si Mikay. Tahimik ko siyang tinanaw sa loob ng klasrum, pero hindi ko siya makita. Hindi kaya nagbanyo lang siya? Pero gaano kaya kahaba ang pila? Pawis na pawis kasi siya nang bumalik at umupong muli sa kaniyang silya.

Noong linggong iyon, saka ko lang napansing araw-araw palang nawawala si Mikay tuwing tanghali.

Naglalaro at nakikipagtakbuhan kaya siya sa labas? O di kaya, baka kumakain siya kasama ang mga kaibigan niya sa ibang section? Minsan kasi, mayroon nang batik-batik ng putik at pagkain ang kaniyang uniporme pagkatapos mananghali. Hindi na niya siguro napapansin ito, dahil abala na siyang muli sa paghahanda para sa susunod na klase.

Araw-araw, sari-saring kuwento ang nabubuo sa isip ko tuwing nawawala si Mikay.

May takdang-aralin dapat kami sa Filipino noong mahiwagang tanghaling iyon. Manghihiram sana ako ng pandikit kay Mikay para sa aking family picture, pero wala na agad siya sa kaniyang silya nang lumingon ako. Nag-aalala pa naman ako at baka matawag ako ng guro para magbahagi ng aking takda. Ngunit lalo akong kinabahan nang hindi na bumalik si Mikay noong matapos ang tanghalian. Nasaan kaya siya? Hindi kaya niya nagawa ang takdang-aralin? O kaya, baka namasyal siya at naligaw pala sa paaralan?

Dahil sa takot, hindi ko na napigilang magtaas ng kamay.

"A, oo." mahinahong tugon ng guro. "Araw-araw kasing umuuwi nang saglit si Mikay para kumain. Nahuli lang siguro siya nang kaunti dahil malayo-layo pa ang bahay ng kaniyang lola. Maya-maya rin ay narito na siya."

At parang madyik, biglang naroon na nga si Mikay sa may pintuan! Hingal na hingal man, agad siyang humingi ng paumanhin sa guro at umupo nang tahimik.

Nakanganga pa rin ako sa pagkamangha nang ilabas niya ang kaniyang takdang-aralin. Malaking-malaki ang ngiti ni Mikay sa larawan, kasama ang kaniyang lola at nakababatang kapatid. Napatingin naman ako sa dala kong family picture, at napaisip kung bakit naiiba ang akin. Sabay naming narinig nang tawagin ng guro ang pangalan ni Mikay para sa unang pagbabahagi.

"Sa aming pamilya, nabubusog kami sa pagmamahal ng aming lola. 3-in-1 kasi si Lola Ising para sa amin. Siya na ang naging Nanay, Tatay, at Lola naming magkapatid, mula nang umalis si Mama at muling nag-asawa si Papa. Hirap man kami sa buhay, palagi kaming masaya sa bahay dahil sa pag-aalaga ni Lola. Ang aking lola at kapatid ang aking inspirasyon para magsipag at makapagtapos sa pag-aaral," ang sabi ni Mikay sa klase.

Nagniningning ang mga mata ni Mikay, matapos ang kaniyang pagbabahagi. Ito ang unang beses na narinig namin ang kaniyang kuwento. At nasasabik akong makilala pa siya bilang bagong kaibigan.



0 1 2 3 4 5 6 7 8 9

Pag-usapan natin!

#1 Ilarawan si Mikay bilang pangunahing tauhan.

#2 Paano siya natutulad o naiiba sa kaniyang mga kaklase? Ano-anong detalye sa kuwento ang nagpapakita nito?

#3 Bakit nga ba umuuwi si Mikay tuwing tanghali? Paano kaya ito nakaaapekto sa kaniyang pag-aaral?

#4 Kung ikaw ang katabing kaklase ni Mikay, pareho rin ba ang iyong magiging reaksiyon sa kaniyang takdang-aralin? Maaari ding ihambing dito ang iyong sariling pamilya.

#5 Ano-anong karapatang pambata ang makikita sa kuwento? At alin sa mga karapatang ito ang nakikita o nagagamit mo na rin sa totoong buhay?

CHILD'S RIGHTS

Tampok sa kuwentong ito ang karapatan ng mga bata sa edukasyon at pagkalinga ng pamilya.

Sang-ayon sa Artikulo 5 at 18 ng United Nations Convention on the Rights of the Child, kinikilala ng batas ang karapatan at tungkulin ng mga magulang na palakihin nang mabuti ang kanilang anak. Bahagi ng pagkalingang ito ang pagsuporta sa mga pangangailangan ng bata hanggang sa kaniyang pagtanda at pagsasarili. Kung wala ang mga magulang, maaaring humalili rito ang pinakamalapit na kamag-anak na handang gumabay at kumalinga sa bata.

Nananatili naman sa bawat bata ang karapatang mag-aral at matuto, anuman ang sitwasyon ng kaniyang pamilya. Sa pangkalahatan, layunin ng edukasyong linangin ang katauhan, kakayahan, at talento ng kabataan. Kaakibat din nito ang pagtuturo sa kanila kung paano igagalang ang karapatan ng iba. Inaasahan din ang sapat na tulong ng gobyerno sa pagtaguyod at pagtustos sa edukasyon, batay sa Artikulo 28 ng batayang dokumento.

My Journal

Pasasalamat

Nagpapasalamat ang pamunuan ng Aspiring Citizens for Community Empowerment, Inc. (ACCEI) at mga kawani sa Perez para sa aktibong pakikiisa at pakikisama ng mga benepisyadong magulang, bata, at mga miyembro ng KAMALAYAN sa mga aktibidad na inilunsad ng programang Children's Educational and Developmental Assistance (CEDA);

Gayundin sa mga namumuno sa munisipyo ng Perez, sa mga pinuno at opisyal ng mga barangay, sa mga guro at prinsipal ng mga Paaralang Elementarya ng Perez-West at Perez-Central para sa kanilang tulong at tiwala sa mga layunin ng programa;

Kasama na rito ang ACCESS-Japan na patuloy na umaalalay sa pagsusulong ng mga kapakanan at **karapatang pambata**; at

Higit sa lahat, sa organisasyon ng RENGO na nagtiwala sa ACCEI at sumuporta sa mga adhikain ng programa, sa pamamagitan ng paglilimbag at paglulunsad ng tatlong aklat na inakda ng mga batang CEDA.

Mabuhay po kayong lahat!

Book 2 Single.indd 20 06/10/2020 11:33:33 am

Patnugot
Sharmaine Hernandez

Isang guro at mag-aaral ng panitikang Filipino si Sha Hernandez. Kasalukuyan siyang nagtatapos ng masterado sa Pamantasang Ateneo de Manila, kung saan din siya nagtuturo. Nagsilbi siya bilang Senior Editor sa Anvil Publishing, at ngayon bilang Project Coordinator ng *Láwas* sa Adarna House. Noong bata pa lamang siya, pinangarap niya ang magbasa nang magbasa ng mga paborito niyang libro hanggang sa kaniyang pagtanda.

Ilustrasyon at layout
Aaron Moises Bonete

Si Aaron Bonete ay isang LGBTQ rights advocate at artistang bakla. Kasalukuyan siyang nakabase sa Lucena City. Nahasa niya ang kaniyang kakayahan at talento sa sining-biswal sa pag-aaral ng Fine Arts sa Manuel S. Enverga University, at higit sa limang taong pagtatrabaho sa iba't ibang organisasyon, publikasyon, at ahensiya bilang graphic designer at illustrator.

Book 2 Single.indd 21 06/10/2020 11:33:36 am

May bago kaming kaklase. Mikay ang kaniyang pangalan at bagong lipat pa lamang siya sa aming lugar.

Hindi ko pa siya lubos na kilala, pero marami na akong nais itanong sa kaniya. Bakit kaya ang bilis-bilis niyang magsulat tuwing may klase? Mabilis din ba siyang mapagod, kaya lagi siyang umiidlip tuwing recess? Ang pinakamahiwaga sa lahat, saan kaya siya nagpupunta tuwing tanghali?

Halina't kilalanin pa natin si Mikay, sa kuwento ng mga bata mula sa Perez, Quezon.

Aspiring Citizens for Community Empowerment, Inc. (ACCEI),
sa pakikipagtulungan sa **RENGO**